

Ano ba ang test sa pag-iskrin ng kanser?

Ang test sa pag-iskrin ng kanser ay dinisenyo upang makita ang mga maagang palatandaan ng mga pagbabago sa katawan bago mabuo ang kanser o upang matuklasan ang kanser nang maaga bago pa lumabas ang mga sintomas. Ang test sa pag-iskrin ng kanser ay isinasagawa ng mga taong walang sintomas ng kanser.

Kung ang mga pagbabago ay nakita nang maaga, mas mataas ang tyansa ng matagumpay na paggamot kaysa kung ang sakit ay nasuri sa huling yugto na nito.

Ang positibong resulta ng test ay karaniwang nangangahulugan na kailangan ng karagdangang pagsusuri upang matukoy kung mayroon o walang kanser.

Ang gobyerno ng Australia ay nag-aalok ng tatlong pambansang programa sa pag-iskrin ng kanser upang makatulong sa pagtukoy sa mga maagang palatandaan ng kanser sa bituka, suso at sipit-sipitan (cervix).

Ang Pag-iskrin ng Kanser ay Nagliligtas ng Buhay



Cancer Council SA and SA Health

Ang proyektong ito ay pinondohan ng Programa sa Pag-iskrin ng Cervix ng South Australia, BreastScreen SA at Cancer Council SA bilang bahagi ng 2017 proyekto ng CALD sa Pag-iskrin ng Kanser sa Kababaihan.



Sanggunian

¹ South Australian Cancer Registry (2016) *Cancer in South Australia 2013 – with projections to 2016*. Adelaide: South Australian Department for Health and Ageing.



Para sa impormasyon at suporta tungkol sa kanser:

- tumawag sa mga konseho ng kanser sa **13 11 20**
- mag-chat online sa cancersa.org.au
- mag-email sa askanurse@cancersa.org.au

Ito ay isang libre at kumpidensyal na makukuhang serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes 8:30 nu - 5:30 nh

Ang libreng serbisyo ng pagsasalin ay makukuha sa **131 450** Translating and Interpreting Service (Serbisyo ng Pagsasalin at Pag-iinterpretar)

FEB 2018



Pag-iskrin ng kanser

Impormasyon tungkol sa maagang pagtuklas ng kanser



Early detection of cancer

Impormasyon at suporta

13 11 20
cancersa.org.au



Pag-iskrin ng kanser sa bituka

Ang kanser sa bituka na kilala rin bilang colorectal na kanser, ay isa sa pinaka-pangkaraniwang kanser na nasuri sa mga kababaihan at kalalakihan sa Australya. Kung ang kanser sa bituka ay natuklasan nang maaga pa, ang paggamot ay mas malamang na maging epektibo.

Ano ba ang test sa pag-iskrin ng kanser sa bituka?

Ang pag-iskrin para sa kanser sa bituka ay ginagamitan ng simpleng, pambahay na test na tinatawag na Faecal Occult Blood Test (FOBT). Hinahanap ng FOBT ang maliliit na dugo sa dumi ng tao na hindi nakikita ng mga mata at maaaring palatandaan ng maagang mga pagbabago sa bituka na kailangan ng karagdagang pagsusuri.

Kung makatanggap ka ng isang positibong FOBT, ito ay nagpapahiwatig na kailangan ng karagdagang pagsusuri at dapat kang makipagkita sa iyong doktor.

Inirerekomenda ng Cancer Council na:

- kung ikaw ay nasa edad 50 taon o mahigit, lumahok ka sa pag-iskrin ng kanser sa bituka baw't dalawang taon
- kung mayroon kang kasaysayan ng kanser sa bituka sa iyong pamilya, talakayin ito sa iyong doktor
- kapag natanggap mo sa koreo ang iyong FOBT mula sa National Bowel Cancer Screening Program (Pambansang Programa para sa Pag-iskrin ng Kanser sa Bituka), mangyaring kumpletuhin ang test.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Cancer Council sa 13 11 20 o bisitahin ang cancersa.org.au/finding-bowel-cancer-early



Pag-iskrin ng kanser sa suso

Ang kanser sa suso ang pinaka-karaniwang kanser na nasuri sa mga kababaihan sa Australya. Kahit na ito ay maaaring mangyari sa anumang edad, ito ay mas karaniwan sa mga kababaihang may edad na. Kadalasan kung mas maagang nasuri at nagamot ang kanser sa suso, mas malaki ang tyansa ng matagumpay na paggamot.

Ano ba ang screening mammogram?

Ang pag-iskrin para sa kanser sa suso ay isinasagawa gamit ang mammography (x-ray sa suso). Tinutukoy ng screening mammogram ang maagang mga pagbabago sa tisyu ng suso na maaaring napakaliit para mapansin sa pamamagitan ng pagsalat lamang ng suso.

Ang mga mammogram ay may mababang dosis ng x-ray sa mga suso ng babae. Ang mga screening mammogram ang kasalukuyang pinakamahusay na paraan para matuklasan nang maaga ang kanser sa suso.

Inirerekomenda ng Cancer Council na:

- ang mga kababaihan na may edad na 50 – 74 taon ay sumailalim sa libreng screening mammogram bawat ikalawang taon sa pamamagitan ng BreastScreen SA (Pag-iskrin sa Suso sa SA)
- ang mga kababaihan na mga 40 ang edad at mahigit 74 taon gulang ay maaari ring dumalo sa libreng pag-iskrin
- lahat ng mga kababaihan, anuman ang edad, ay hinihikayat na magkaroon ng 'kamalayan sa suso' at regular na suriin ang hitsura at pakiramdam ng kanilang mga suso
- makipagkita kaagad ang mga kababaihan sa kanilang doktor kung may napansing anumang mga pagbabago sa suso hal. may bukol o pagtulo mula sa utong.

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang Cancer Council (Konseho ng Kanser) 13 11 20. Para mag-book ng screening mammogram, tumawag sa 13 20 50 o bisitahin ang breastscreen.sa.gov.au



Pag-iskrin sa sipit-sipitan (cervix)

Ang kanser ng sipit-sipitan ang isa sa pinaka-maiwasang kanser sa lahat. Makikita ng pag-iskrin sa sipit-sipitan ang mga pagbabago sa mga selyula bago pa man mabuo ang kanser sa sipit-sipitan.

Ano ba ang test sa pag-iskrin ng sipit-sipitan?

Sinusuri ng test sa pag-iskrin ng sipit-sipitan ang kalusugan ng sipit-sipitan. Kinukuha ng doktor o may kasanayang nars ang mga selyula mula sa sipit-sipitan. Ang mga pagbabago ng selyula sa sipit-sipitan ay sanhi kadalasan ng Human Papillomavirus (HPV). Ang mga pagbabago ng selyula ay maaaring gamutin upang maiwasan ang pagbuo ng kanser sa sipit-sipitan.

Laging makipagkita sa iyong doktor kung mayroon kang mga sintomas o alalahanin hal.

Di-pangkaraniwang pagdurugo at/o pananakit.

Inirerekomenda ng Cancer Council:

- lahat ng mga kababaihan na naging aktibo sa seks ay dapat magkaroon ng regular na test sa pag-iskrin ng sipit-sipitan, kahit pa hindi na sila aktibo sa seks
- lahat ng mga kabataang babae at lalaki na may edad 12 at 13 taon ay binibigyan ng bakuna laban sa HPV. Ang bakuna sa HPV ay makukuha bilang bahagi ng Programa sa Pagpapabakuna ng mga Paaralan (Schools Immunisation Program)
- Mga mga kababaihan, tandaan na kailangan pa rin ninyong sumailalim sa regular na test sa pag-iskrin ng sipit-sipitan kahit na nagpabakuna na kayo ng HPV.

Para sa impormasyon tungkol sa edad na karapat-dapat at kung saan at kung kailan sasailalim sa test sa pag-iskrin ng sipit-sipitan, tawagan ang SA Cervix Screening Program sa 13 15 56, mag-email sa cervixscreening@health.sa.gov.au o bisitahin ang website na sahealth.sa.gov.au/cervixscreening o tawagan ang Cancer Council 13 11 20.